

Mahal naming mga pamilya,

Ang huling taon (*senior year*) ng mataas na paaralan ay isang kapana-panabik na panahon para sa iyo at iyong estudyante. Umaasa kami na makakagawa ka ng magagandang alaala bago tumungo sa kolehiyo ang iyong estudyante.

Isa itong magandang panahon upang makausap ang iyong estudyante tungkol sa mga gastos sa pagko-kolehiyo at tulong pinansyal para sa kolehiyo. Ang pagkakaroon ng mga pag-uusap na ito ngayon at maagang pagkilos ay magagawang simple ang proseso para sa iyo at iyong estudyante. Ang Libreng Aplikasyon para sa Pederal na Tulong ng Estudyante (*Free Application for Federal Student Aid*, FAFSA) na aplikasyon ay magiging available simula Ika-1 ng Oktubre.

Ginagamit ang FAFSA upang matukoy ang pagiging karapat-dapat para sa iba't ibang tulong ng estudyante kabilang ang pederal, estado, nakabatay sa paaralan, gayundin ang mga grant at iskolarsip. Kaya naman, kapag mas maagang nakumpleto ang FAFSA, mas maaga ka at ang iyong estudyante na makakagawa ng matalinong mga pagpipilian sa kolehiyo.

Dahil dito, hinihikayat ka namin at/o iyong estudyante na 1) [gumawa](#) ng kanilang FAFSA ID account at 2) simulan ang pangangalap ng mga dokumentong kailangan para [masimulan](#) ang aplikasyon ng FAFSA. Magbubukas ang panahon para sa aplikasyon ng FAFSA sa Oktubre 1!

Ipunin ang [mga dokumentong](#) kailangan mo:

- Numero ng iyong Social Security
- Numero ng iyong lisensya sa pagmamaneho kung mayroon ka nito
- Numero ng iyong Pagpaparehistro bilang Dayuhan (*Alien Registration number*) kung hindi ka isang U.S. citizen
- Pederal na impormasyon sa buwis o mga pagbabalik ng buwis (*tax returns*) kasama ang impormasyon sa IRS W-2, para sa iyo (at iyong asawa, kung ikaw ay kasal), at para sa iyong mga magulang kung ikaw ay isang sinusustentuhang estudyante (*dependent student*): IRS 1040

Para sa mga estudyanteng walang dokumento/*dreamer*, hindi ka karapat-dapat na punan ang FAFSA. Maaari mong punan ang Aplikasyon ng California Dream Act (CADAA) na kinakailangan upang matukoy ang tulong pinansyal para sa mga karapat-dapat na estudyante para sa California AB 540. Mag-click dito para [alamin pa](#).

Ang tulong sa FAFSA at CADAA ay available! Napakahalaga na tumpak ang impormasyong isasama mo sa aplikasyon ng FAFSA. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa iyong tagapayo sa mataas na paaralan at/o lumahok sa isang [workshop](#) ng Cal-SOAP FAFSA.

Taos-puso,

Pinag-isang San Diego